

1

“Mel, nakita ko ang Tiya Eloisa mo kanina sa bayan at kung puwede raw, samahan mo muna siya sa rancho habang wala ang Tiyo Ramon mo,” balita ni Mang Julian sa anak habang nagtatanggal ito ng sapatos. Nakaupo ito sa pang-isahang sofa sa sala.

“Bakit po? Saan nagpunta si Tiyo Ramon?” tanong ni Melanie na nakatitig pa rin sa pinapanood sa TV screen.

“Nagbiyahe ng baka sa Maynila kasama ang dalawa nilang tauhan. Baka raw abutin sila doon ng tatlong araw dahil marami silang dalang baka, at si Ponyang naman ay umuwi muna ng Cagayan dahil namatay daw ang nanay nito,” sagot ng kanyang ama. Si Ponyang ay ang matagal nang katulong ng kanyang tiyahin.

“Sige ho, gusto ko nga rin pong magbakasyon doon eh,” aniya pagkatapos ay tumayo siya at lumapit sa bintana. “Julius! Gusto mo’ng sumama sa *Rancho Remigio*?” sigaw niya. Sa labas ay naroon ang kanyang kapatid at naggigitara sa porch.

“Ayaw ko, ikaw na lang. Boring doon,” sagot ni

Julius.

Sumimangot siya. “Boring? Ang ganda nga doon, eh,” sabi niya at muli siyang bumaling sa kanyang ama.

“Hayaan mo na ang kapatid mo, alam mo namang walang hilig ‘yan sa nature, eh. Nagmamadali na ngang makatapos ng high school para makapunta na ng Maynila,” ani Mang Julian.

“Sige ho, pupunta po ako sa rancho mamayang hapon... pero gagamitin ko po ‘yung motorsiklo.” Bumalik siya sa puwestong inupuan niya sa sofa at nakangiting tumingin sa ama.

Huminga muna ito nang malalim. “Naku, itong batang ito! O, siya, gamitin mo ang motorsiklo pero ingat sa pagmamaneho, ha?”

“Oho.”

Mula sa highway ay natanaw na ni Melanie ang bubong ng bahay ng tiyahin. Napapaligiran iyon ng mga puno, may isang kilometro ang layo niyon sa highway pero kitang-kita ito sapagkat nakatayo ito nang mas mababa kaysa sa kalsada. Nasa tapat na siya ng bakod ng di- kalakihang rancho pero hindi

pa niya narating ang kalsada papasok doon. May nakikita siyang ilang grupo ng mga puting baka mula sa kalahating semento at kalahating barbed wire na bakod nito.

Pinaharurot niya ang motorsiklo. Excited na siyang makarating sa magandang lugar na iyon at sabik na rin siyang makita ang kanyang Tiya Eloisa. Mag-iisang taon na silang hindi nagkita, bagaman apat na araw na siyang nakakabalik sa probinsiya ay hindi pa siya dumadalaw roon. Sa Maynila kasi siya nagtatrabaho at nagbakasyon lang siya ng dalawang linggo.

Mayamaya pa ay narating na niya ang gate, sa parteng iyon ay mataas na ang bakod at nakasulat sa itaas nito ang *Rancho Remigio*. Bumaba siya upang buksan ang tarangkahan.

Malapit na siya sa bahay nang may natanaw siyang isang pigurang nakatayo sa harapan niyon, isang lalaki. At ilang sandali pa'y huminto na siya sa tapat nito, pinatay ang makina ng motorsiklo saka tinanggal ang kanyang helmet. Tumingin siya sa mukha ng estranghero at saglit na nagtama ang kanilang mga mata. Naramdaman ni Melanie na bumilis ang tahip ng kanyang dibdib, isang bagay na bihira lang mangyari sa kanya nang dahil sa

presence ng isang lalaki. Sumimangot siya, ayaw niyang aminin sa sarili na ang lalaking ito ay nakakapagbigay ng ganoong reaksyon sa kanya.

Dumako ang kanyang tingin sa kasuotan nito, parehong puti ang sando at shorts nito. At sa mga binti nito ay kitang-kita ang gapuso ng saging sa laki na muscles nito. This man had a well-built body and a handsome face.

Ngumiti ang lalaki at lumantad ang mapuputi nitong ngipin. “Ano ‘yon, Miss?”

“Pamangkin ako ni Tiya Eloisa, ‘andiyan ba siya?” aniya, sabay baba sa motorsiklo.

Umawang saglit ang bibig nito, ngunit ngumiti din. “Ganoon ba?” anito at parang nag-isip. Nakita niyang bumalatay ang pagkabahala sa mukha ng kausap pero kaagad iyong napawi.

Papasok na sana siya sa loob ng bahay nang magsalita uli ang lalaki.

“Sorry, wala siya. Ako muna ang pinagbabantay dito.”

Natigilan si Melanie. “Wala? Saan siya nagpunta?” takang tanong niya.

“Dan!”

Sabay silang napalingon sa bintana. Mula roon ay nakita niya ang isa pang lalaki. Parang nagulat ito nang makita siya, dali-dali nitong tinanggal ang headphone na nasa tainga nito saka lalo pang inilapit sa steel window ang mukha nito. Sa hitsura ng tinawag na Dan ay parang nakunsumi ito, lumapit ito sa bintana. Nag-usap nang mahina ang dalawang lalaki, pagkatapos ay sabay ang mga itong tumingin sa kanyang kinaroroonan.

Nakamasid lang ang mga ito si Melanie. Nagtataka siya kung bakit umalis ang kanyang tiya, samantalang noong umaga lang ay nagpabilin na samahan niya ito sa rancho. Iginala niya ang kanyang paningin sa kapaligiran, umatras siya para makita ang likod ng bahay. Doon ay may namataan siyang dalawa pang lalaki na ang isa ay makapal ang balbas na parang goon. Bigla siyang kinabahan; nagsisinungaling ang lalaking nakausap niya! Ang akala niya ay mag-isa lang ito.

Halatang hindi taga-roon ang mga lalaking nadatnan niya sa rancho dahil mapusyaw ang kulay ng mga ito, samantalang ang mga nakatira sa kanilang lugar ay sunog ang balat. Hindi maaaring ipagkatiwala ng kanyang tiyahin ang rancho sa mga dayuhan! At imposible rin na aalis ito gayong alam nitong pupunta siya roon.

“Miss, halika, pasok tayo sa loob.”

Nagulat siya, nasa tabi na pala niya ang lalaking tinawag na Dan.

“Ako nga pala si Daniel, Dan for short.” Inilahad nito ang kamay sa harapan niya.

Tumingin si Melanie sa mukha ng lalaki. Naguguwapuhan pa rin siya rito, pero hindi niya alam kung bakit nakaramdam siya ng panganib. In her mind ay may nagbubulong sa kanya na mapanganib ang lalaking ito, at alam niyang kailangan na niyang umalis. Kinontrol niya ang sarili dahil nagsisimula nang gumapang ang panginginig sa kanyang katawan. Inabot niya ang kamay ng lalaki at pilit na ngumiti.

“Melanie,” sabi niya. Hindi na niya namalayang buong pangalan ang kanyang ginamit nang magpakilala sa halip na ‘Mel’ lang dahil nga tomboy siya. Sino bang tibo ang may gustong tunog-babae ang pangalan?

His palm was rough and warm at parang nakuryente siya sa pagdaop ng kanilang mga palad. Dali-dali niyang binawi ang kanyang kamay. She didn’t want to stay there any minute longer lalo na’t wala ang kanyang Tiya Eloisa.

Something was not right around here. Napakalakas ngayon ng pagtahip ng kanyang puso, sari-saring agam-agam ang ngayon ay naglalaro sa kanyang isipan.

“Umalis pala siya, kung gan'on ay uuwi na lang ako.” Tumalikod na siya upang bumalik sa motorsiklo.

“Sandali!” mabilis nitong sabi, sabay hawak sa kanyang braso.

Tumingala siya sa mukha ni Dan, nakangisi ito na lalong nagpalakas ng kanyang kaba. Nag-iinit na ang kanyang mga pisngi.

“Mukhang malayo ang pinanggalingan mo, baka abutin ka pa ng gabi sa daan. Halika sa loob at dito ka muna magpalipas ng gabi.”

Tiningnan ni Melanie ang kamay na nakahawak sa kanyang braso. A hand that looked so savage to her. “Hindi... hindi, aalis na ako.” Kumawala siya sa pagkakahawak nito. Nakaramdam siya ng panic. Dali-dali siyang sumakay sa kanyang motorsiklo, ngunit napamulagat siya nang makitang wala ang susi sa kinaroroonan nito.

Nanlalaki ang mga matang lumingon siya sa lalaki at napanganga siya nang makitang pinapaikot-

ikot nito ang keychain sa hintuturo nito.

“Eto ba ang hinahanap mo?” anito saka ibinulsa ang susi sa shorts nito. Ngumiti ito at namaywang habang nakatitig pa rin sa kanya.

Nanlamig ang buong katawan ni Melanie, pero hindi siya dapat magpahalatang natatakot siya. Nangingkit ang mga matang sinalubong niya ng tingin ang kaharap. Minsan na siyang nakipagsuntukan sa isang lalaki nang madukutan siya sa bus noon. Hindi man masasabing natalo niya iyon, hindi naman siya nagmukhang walang kalaban-laban; tomboy siya at kailangan niyang panindigan iyon. Pero sa tingin ni Melanie ay hindi niya kaya ang isang ito; maganda ang tindig at mas mataas sa kanya ng mga apat na pulgada.

Bumaba siya mula sa motorsiklo, inayos ang backpack sa kanyang likuran at paatras na naglakad habang ang mga mata ay maingat na minamanmanan ang bawat galaw ng lalaki. Naramdaman niyang hindi na talaga normal ang kanyang paghinga, lalo pang bumilis iyon.

Nakakalayo na siya kay Dan nang makitang lalapit ito sa kanya. Confirmed na niya ang kanyang hinala. Dahan-dahan niyang tinanggal ang backpack mula sa pagkakasukbit sa mga balikat niya. Hindi

iyon mabigat pero magiging sagabal iyon sa kanyang pagtakbo. Kaunting damit lang ang laman niyon; mas mahalaga ang wallet na nasa kanyang bulsa. Nang matanggal na niya ang backpack, itinapon niya iyon sa harapan ng lalaki saka siya tumakbo. Mabuti na lang at naka-rubber shoes siya kaya mabilis ang kanyang pagtakbo. Hindi na niya tinahak ang maliit na kalsada palabas ng rancho; nag-shortcut na siya sa medyo paakyat na damuhan. Ilang minuto pa siguro ay mararating na niya ang kalsada.

Would she make it? Apat na lalaki ang kanyang tatakasan, pero hindi siya puwedeng tumayo na lang doon. Kailangan niyang makahingi ng tulong sa mga pulis.

Alam niyang mabilis siyang tumakbo, pero naglalaro ngayon sa kanyang isipan na bala mula sa baril na ang susunod na hahabol sa kanya. Ngunit wala siyang narinig na mga putok ng baril kundi matitigas na braso ang payakap na humuli sa kanya.

Gumulong sila sa damuhan ng lalaking humabol sa kanya. Hanggang sa matagpuan na lang ni Melanie ang sarili na nasa ilalim na siya ni Dan. Buong puwersa niyang pilit na itinulak ito palayo para makabangon siya, subalit natagpuan niya ang sariling nakadapa na sa damuhan. Payakap siyang itinayo ng lalaki.

Nagpumiglas siya at nanlaban nang husto, pero hindi nito ininda ang pag-atake niya. Kinagat niya ang kamay nito. Noon siya bahagyang binitiwang ni Dan, at sinamantala iyon ni Melanie upang muling makatakas. Medyo pababa na ngayon ang kanyang tinatakbo. Pero hindi pa siya nakakalayo ay nahuli na naman siya ng binata, ipinatalikod ang kanyang mga kamay saka siya binuhat na parang bata.

“Bitiwang mo ako! Walanghiya ka!” sigaw niya habang nagpumiglas.

“Huwag ka nang manlaban!” pabulyaw na sabi nito. “Mapapagod ka lang, walang makakarinig sa iyo dito.”

Ipinasok siya nito sa loob ng bahay at pagdating sa sala ay pabagsak na inilapag sa sofa. Madilim ang mukha nito habang mataman siyang tinitingnan. “Sino ka? Bakit ka nandito?”

Nanginginig siya sa takot, pinagpapawisan nang malamig. Pinunasan niya ang kanyang mga mata, hindi niya namalayang umiiyak na pala siya. Pailalim niyang tiningnan ang lalaki sa kanyang harapan. “G-gaya ng sinabi ko, ako si Melanie, pamangkin ni Tiya Eloisa,” hingal niyang sagot.

Hindi umimik si Dan. Tumayo ito at inihilamos

ang isang kamay sa mukha nito saka naglakad palayo sa dalaga. Bumuntunghininga ito bago lumapit uli sa kanya. “Huwag kang mag-alala, hindi ka maaano dito basta maging masunurin ka lang,” mahina na ang boses nito. At hindi rin mukhang galit.

Hindi siya umimik. Narinig niyang bumukas ang pinto.

“Ilagay mo lang diyan,” ani Dan sa lalaking pumasok.

Nasulyapan ni Melanie ang kanyang backpack na dinala ng lalaking nakita niya sa bintana kanina, inilapag nito iyon sa isang upuan sa sala. Lumabas din ito pagkatapos. Tumigil na rin siya sa pag-iyak, pinahid ang kanyang mga luha at hinawi ang maigsi niyang buhok na nagulo. Iginala niya ang kanyang paningin, inaasahang magulo ang loob ng bahay pero taliwas sa nakita niya dahil maayos ito. Noon niya biglang naalala ang tiyahin, wala ito roon.

Sinubukan niyang tumayo kahit nangangatog pa rin ang kanyang tuhod. Kumapit siya sa upuan upang makatayo. Ang kanyang takot ay nahaluan ng matinding galit sa isiping may masamang nangyari sa kanyang Tiya Eloisa. Tumingin siya sa lalaki na noon ay nakahalukipkip na pinagmamasdan siya.

“Saan mo siya dinala?” matigas niyang usisa.

Bumuntunghininga muna ang lalaki. Parang nahulaan na nito ang tinutukoy ni Melanie.

“Huwag kang mag-alala, nasa mabuti siyang kalagayan.”

“Hindi ako naniniwala sa ‘yo,” asik niya.

“Hindi kita pipiliting maniwala, pero iyon ang totoo. I’m sorry, pero kailangan mo kaming samahan dito sa aming pagbabakasyon... kung sana dumating ka dito kanina pa...” Hindi na nito itinuloy pa ang sasabihin. Kapagkuwan ay, “Siyanga pala, gutom ka ba? Gusto mong magkape?”

Hindi siya sumagot.

“Sandali lang at magpapainit ako ng tubig.” Tinungo na nito ang kusina.

Lumingon si Melanie sa pinto, sarado iyon pero hindi naka-lock. Pero kung tatakbo siya ay kailangan pa niyang itulak ang sliding door at tiyak niyang maaabutan din siya ng binata bago pa siya makalayo. Huminga siya nang malalim at muli ay parang gusto niyang umiyak.

“Iniisip mo ba’ng tumakas?” ani Dan mula sa kusina.

“Hindi!” maikli niyang sagot.

“Kung gayon halika ka na at magkape tayo, malapit nang kumulo itong tubig.”

Humakbang siya patungo sa kusina. Naging malikot ang kanyang mga mata, kanina ay naririnig pa niya ang mga boses ng mga kasama ni Dan. Pero ngayon ay wala na siyang marinig; tumingin siya sa labas pero walang palatandaan na naroroon sila. Luminga-linga pa siya, at parang nabuhayan siya ng loob nang may mamataan siyang bote ng *Coke* sa ibabaw ng hapag-kainan, walang laman iyon. Nakatalikod ngayon ang lalaki sa kanya, abala sa pagtimpla ng kape sa isang mesita malapit sa lababo. Bumilis ang tahip ng kanyang dibdib sa naisip.

Pasimple siyang lumapit sa kinaroroonan ng bote. Papaluin niya ito sa batok at kapag natumba na ay aagawin niya ang susi sa bulsa nito. Binalikan niya sa isipan kung saang bulsa nito inilagay ang susi—sa kaliwang bulsa ng shorts. Sa sandaling marating niya ang kanyang motor, paliliparin niya ito hanggang makarating siya sa police station malapit lang sa rancho.

Nakita niyang pupulutin na ni Dan ang tasa ng kape na tinimpla nito.

“Puwede bang ipagtimpla mo na rin ako ng kape?” Medyo mabilis ang kanyang pagkakabigkas niyon. *Huwag kang magpahalata!* pagalit niya sa sarili.

Tumingin muna ang lalaki sa kanya na parang nanunuri, pagkuwan ay ngumiti ito. “Sure! Masarap yata akong magtimpla ng kape.” Kumuha uli ito ng isang tasa. “Ano, lagyan ko ba ng gatas?”

“Oo.” Kahit pa ano ang ilagay nito, hindi na importante sa kanya dahil hindi rin niya iinumina iyon. Ang mahalaga ay magtagal pa ito sa pagtitimpla. Dahan-dahan niyang pinulot ang bote at mahigpit iyong hinawakan. Hindi siya dapat magmintis. Lumingon muna siya sa labas, walang tao roon. *Tulongan Mo ako, Diyos ko!* ang taimtim niyang dasal.

Nang makitang bubuksan uli ni Dan ang lalagyan ng asukal, naisip niyang ito na ang tamang pagkakataon. Sa paglapit niya rito ay buong lakas niyang ipinalo ang bote sa ulo nito. Napapikit siya pero wala siyang narinig na pagtama ng bote sa ulo dahil tumama lang iyon sa balikat ni Dan. Mabilis nitong naiilag ang ulo kanina.

Gusto niyang magsisi dahil alam na niya ang kahihinatnan ng kanyang ginawa. Sa isang iglap ay

The Willing Captive - Helen Gregorio

naagaw sa kanya ang bote. At sa kanyang pagdilat, nakita niya ang matinding galit sa mukha ng kaharap.

2

Nahintakutan si Melanie sa nakita. Instinctively, tumakbo siya palabas ng kusina upang tunguhin ang main door para tumakas. Nabuksan na niya ang sliding door at lalabas na sana, pero nahawakan kaagad siya ni Dan. Mahigpit siyang kumapit sa pinto. Ngunit tila bakal ang mga kamay na tumanggal sa mga kamay niyang nakakapit doon. Pakaladkad siyang hinila pabalik sa sala.

Hindi siya sumuko, nanlaban uli siya at sila ay nagpambuno sa sahig. Wala na siyang pakialam kung mahawakan man ang maseselang parte ng kanyang katawan. Ilang saglit pa, natagpuan na lang niya ang sarili na nakaupo sa sahig at nakasandal sa pader; wala na ang mga kamay ni Dan na humahawak sa kanya.

“Huwag! Please... maawa ka!” aniya na ibiniling ang ulo at isinangga ang mga kamay para takpan ang kanyang mukha.

“Bakit? Ano sa akala mo ang gagawin ko sa iyo?” naghahabol ng hininga na tanong nito habang hinihilut-hilot ang napalong balikat. Luhaang nagdilat ng mga mata ang dalaga at inalis ang mga

kamay na tumatakip sa mukha tumingin sa kaharap. Bigla siyang dinaklot ni Dan at itinayo siya habang nakahawak sa magkabila niyang balikat.

“Di ba sinabi ko sa iyo, hindi ka maaano basta maging masunurin ka lang?” anito saka siya marahas na hinalikan sa labi.

Napaungol si Melanie sa sakit dahil sa biglang pagsibasib nito sa kanyang mga labi. Wala na siyang lakas pa para manlaban, ngunit parang nakuryente ang buo niyang katawan nang magtagal pa ang matigas at mainit na mga labing iyon sa kanyang bibig. Suddenly, that rough kiss slowly turned into a gentle one. Sa edad na beinte-tres, ngayon lamang siya nahalikan ng isang lalaki kaya banyaga sa kanya ang sensasyong dulot niyon. Pero kahit alam niyang nagustuhan niya ang mga halik na iyon, naisip niyang kagatin ang labi ng lalaki, pero bago pa niya magawa ay binitiwang na siya nito.

“Ganyan ang magiging parusa mo sa tuwing gagawa ka ng masama!” At marahas na inilayo siya mula sa katawan nito.

“Masama? Wala akong ginagawang masama! *Ikaw* ang masama!” aniya na mangiyak-ngiyak sa galit. Itinaas niya ang kuwelyo ng kanyang t-shirt at ipinunas-punas sa kanyang mga labi, ngunit nang

masulyapan niyang nakangiting pinapanood siya ni Dan ay sumulak ang kanyang dugo. Umakma siyang susugurin ito ng suntok.

“Oops, oops! Binalaan na kitang huwag kang gagawa ng masama,” anito, sabay taas ng dalawa nitong kamay. “Maliban na lang kung gusto mo pa... my pleasure,” nakangiting sabi nito saka hinawakan ang mga labi nito habang nakatitig sa kanya.

Bigla siyang natigilan. Huminga siya nang malalim upang pigilan ang galit. Tila nawalan ng pag-asa na napaupo na lang siya sa sahig at niyakap ang kanyang mga binti. Sa sulok ng kanyang mga mata ay nakita niyang hinaplos ni Dan ang mukha nito saka parang saglit na nag-isip.

“Ganito... pagkatapos kong magluto, kumain ka na tatal madilim na, ‘tapos... umakyat ka na sa kurwanto at magkulong. Kung ayaw mo naman, samahan mo ako dito.”

Tumayo si Melanie at pumunta sa kusina. Natuyo na yata ang kanyang lalamunan kaya kinailangan niyang uminom. Sinundan lang siya ng tingin ni Dan, pagkuwa’y isinara nito ang sliding door. Naginhawahan siya pagkatapos inumin ang isang basong tubig na kinuha niya sa loob ng refrigerator.

Bumalik siya sa sala at pabagsak na umupo sa sofa, pagkuwa'y inihilig niya ang kanyang ulo sa gilid niyon. Ipinikit niya ang kanyang mga mata. Parang umiikot ang paligid sa pakiramdam niya. Si Dan naman ay tinungo ang kusina pero natatanaw pa rin nito ang dalaga. Magkadugtong ang sala at kusina ng bahay na iyon.

Mula sa sala ay naririnig niya ang tilamsik ng mantika, alam niyang nagpiprito ang lalaki. Bigla siyang ginutom nang maamoy ang aroma ng boneless bangus na niluluto nito.

Nang makalma na niya ang sarili ay pinulot niya ang kanyang backpack mula sa pang-isahang sofa saka tumayo. Nag-umpisa siyang maglakad patungo sa hagdanan.

“Saan ka pupunta?” tanong ni Dan mula sa kusina nang makitang aalis siya sa sala.

Galit siyang lumingon. “Di ba sinabi mong umakyat ako sa kuwarto at magkulong?” aniya saka tuloy-tuloy na naglakad papunta sa hagdanan.

“Ang sinabi ko, kumain ka muna,” pahabol nito.

Hindi na iyon pinansin ni Melanie, umakyat siya sa ikalawang palapag ng bahay. Tinungo muna niya ang master's bedroom, ang kuwarto nina Tiya Eloisa

at Tiyo Ramon. Sinubukan niyang buksan ang pinto niyon pero naka-lock. Kumatok siya ngunit wala siyang narinig na kahit anong kaluskos kaya tinungo na lang niya ang isa pang kuwarto kung saan siya madalas natutulog tuwing pupunta siya roon.

Dalawa ang kuwarto sa itaas at dalawa rin sa ibaba. Ang isa sa ibaba ay ang kuwarto ni Edwin, ang nag-iisang anak nina Tiya Eloisa at Tiyo Ramon, pero nasa Baguio ito dahil doon nag-aaral. At ang isa naman ay ang kuwarto ni Ponyang, ang medyo may edad na katulong ng pamilya, iyon ang inookupa ng mga estrangherong lalaki dahil doon niya nakita ang isang kasama ni Dan kanina. May dalawa pang tauhan ang pamilya Remigio, parehong binata, pero may sariling kubo ang mga ito sa loob din ng rancho.

Inilapag ng dalaga ang kanyang backpack sa mesa sa loob ng kuwarto saka siya umupo sa gilid ng kama. Ngayon, kahit papaano ay naibsan na ang kanyang nerbyos. Nilinga niya ang paligid ng kuwarto. Napabuntunghininga siya dahil may rehas ang mga bintana, hindi na rin niya dinala ang kanyang cellphone dahil walang signal doon. Nasa liblib na lugar sila ng Isabela province. Pero kailangan niyang mag-isip ng paraan kung paano siya makakatakas at nang makahingi ng tulong. Masyado na siyang nag-aalala para sa kanyang Tiya

Eloisa.

Nasaan na kaya siya? di-mapakaling naisip niya.

Mayamaya pa ay may kumatok sa pinto; hindi siya tuminag pero nabuksan din iyon. Sumimangot siya dahil sigurado siya na ini-lock niya iyon kanina. Pumasok si Dan na may dalang tray ng pagkain. Hinayaan lang nitong nakabukas nang maluwang ang pinto ng kuwarto.

“Dinalhan na kita ng pagkain, kasi alam kong hindi ka bababa para kumain. At isa pa... darating na mamaya ang mga kasama ko,” sabi nito saka inilapag ang tray ng pagkain sa mesa.

“Gusto kong tapatin mo ako... saan ninyo dinala ang tiya ko at ano’ng ginawa ninyo sa kanya?” mahina ngunit madiin niyang tanong.

“Wala kaming ginawang masama sa kanya, hindi namin siya pinatay kung iyon ang iniisip mo. Pero hindi ko sasabihin kung nasaan siya kaya maging mabait ka sana para ligtas siya,” pormal nitong sagot.

Tumingin si Melanie sa guwapong mukha ng lalaki, at sa isang bahaging kanyang isip ay naniniwala siyang totoo ang sinabi nito. Naramdaman niyang biglang lumukso ang kanyang puso nang mapadako

ang kanyang tingin sa mga labi nito. Ang malapad at medyo makapal na mga labing iyon ang unang humalik sa kanya. Parang nararamdaman pa rin niyang nakadikit ang mga labing iyon sa kanyang bibig. At sa kanyang pagkurap ay napahiya siya nang mapansing nakatingin pala sa kanya ang lalaki.

“Bakit ka nga pala tumakbo kanina?” tanong nito.

Nagtaka si Melanie. Bakit pa kaya itatanong ng lalaking ito kung bakit siya tumakbo? Kumunot ang kanyang noo. “Obvious naman, di ba?”

“Na alin?”

Heavens! Ngayon pa ba ito magkakaila pagkatapos siyang dakpin at plano yatang ikulong?

“Na kayo ay masasamang-loob at pinasok n’yo itong rancho at hindi ko alam kung ano’ng ginagawa ninyo dito,” inis niyang sagot.

Tumawa lang ito nang mahina. “Sige, kumain ka na, walang lason ‘yan,” anito bago tumalikod. Tinungo nito ang pintuan saka hinugot ang susi na nakasalang pa sa doorknob at inihagis ito sa kama. “Para makatulog ka, iyan ang susi.” At hinila na nito pasara ang pinto bago bumaba upang bumalik sa sala.

The Willing Captive - Helen Gregorio

Pagkaalis ni Daniel ay lumapit ang dalaga sa mesa. Tiningnan muna niya ang laman ng tray, kompleto iyon; boneless bangus, kanin, sawsawang suka na hinaluan ng bawang, kutsara at tinidor at may isang basong tubig pa. Sa tingin niya ay malinis ang inihandang pagkain para sa kanya. Dahil sa sobrang gutom ay naubos niya ang pagkain. Pagod na pagod na rin siya, kailangan niyang maging malakas para maidepensa ang sarili.

Pagkatapos kumain ay pinakiramdaman niya ang paligid, tahimik doon at tanging mga huni ng kulisap lang ang naririnig. Hindi nagtagal ay nakarinig siya ng mga boses, dumating na siguro ang mga kasamahan ni Dan. Ilang minuto pa'y narinig niyang naggigitara ang mga iyon... at nagkakanthahan pa. Makalipas ang ilang oras ng pakikiramdam ay dinalaw na siya ng matinding antok. Hindi siya paladasal, ngunit sa gabing iyon ay nagdasal muna siya nang may luha sa mga mata bago siya pumikit.

MAAGA PA ay gising na si Mel. Saglit niyang nakalimutan kung nasaan siya, hanggang unti-unting nagbalik sa kanyang isip ang mga pangyayari. Bumalikwas siya ng bangon. Was it just a dream?

Sana nga.

Sana sa pagbaba niya ay ang si Tiya Eloisa ang madatnan niyang nagluluto ng almusal. Pero kahit pa sa puso niya ay alam niyang totoo ang mga nangyari, pilit niyang isinisiksik sa kanyang isipan na may posibilidad pa ring panaginip lang ang lahat. Luminga-linga siya. Nang makita ang tray sa mesa ay nanlambot na naman ang kanyang tuhod, isa na iyong prueba na hindi panaginip ang kinasadlakan niya. Pinulot niya ang tray at lumabas ng silid saka tinungo ang hagdanan upang bumaba. Laking dismaya niya nang makita ang mga lalaki sa sala.

Nginitian lang siya ng tatlong lalaki pagbaba niya. Inisa-isa niyang tiningnan ang mga ito, hindi na siya gaanong takot ngayon dahil totoo namang hindi siya sinaktan o pinagtangkaang gahasain—iyon ang sobra niyang kinatakutan nang unang makita ang mga ito. Napansin niya na may hitsura rin ang dalawang kasama ni Dan maliban sa isa na may balbas.

“Ako si Raul,” pakilala ng lalaking nakita niya noon sa bintana. Tumayo ito pero hindi na lumapit sa kanya.

“Jeff,” anang isang kasama nito. Tumingin lang ito sa kanya pero nanatiling nakaupo.

“Ben,” sabi ng lalaking may balbas sa boses na parang paos.

Tumingin lang siya sa mga ito. Hindi siya nagsalita. Luminga-linga siya, wala si Dan sa sala.

“Nagpakain lang si Dan ng manok,” ani Raul na parang nahulaan ang kanyang hinahanap.

Tumango lang siya, pagkuwa’y iniwan na ang tatlong lalaki upang magpunta sa kusina. Pumasok siya sa banyo pagkalagay ng tray sa tabi ng lababo. Paglabas niya ay naroon na si Dan na may hawak-hawak na mga itlog. Hindi niya alam kung bakit pakiramdam niya ngayon ay mas safe siya nang makita niya ito.

“O, gising ka na rin pala. Puwede bang pakiprito na lang ang mga ito?” anito at inilagay ang mga itlog sa lalagyan.

“Nagpakain ka pala ng mga manok para makuha mo ang mga itlog nila,” pairap na sabi niya pero kumuha ng kawali mula sa isang cabinet malapit sa lababo at isinalang sa kalan.

“Wala na kasing laman ang ref.”

Ang kapal talaga ng pagmumukha nito!

Nang makaluto ng almusal ang dalaga ay tahimik

silang kumain. Hindi na siya tumutol nang tinawag siya ni Dan upang sumabay na siya sa mga ito. Kunsabagay, panatag na ang kanyang loob. Naisip din niya na sa kabila ng ginawa niyang pangangagat at pamamalo kay Dan ay hindi siya sinaktan nito.

Pero hinalikan ka, tudyo ng pilyang bahagi ng kanyang isip.

“Puwede bang magtanong?” basag niya sa katahimikan habang sila ay kumakain.

“Ano ‘yon?” ani Dan

“Sino kayo at bakit kayo nandito?”

Nagkatinginan lang ang mga lalaki.

“Ano? *NPA?* Kidnapper? O hold-upper at hinihintay lang ninyo ang tiyo ko para agawin sa kanya ang pinagbentahan ng baka?”

Nasamid sina Raul at Jeff at tumawa nang mahina. Si Ben ay tahimik samantalang si Dan ay napabunghalit ng tawa at pagkatapos ay uminom muna ng tubig bago nagsalita. “Ano sa akala mo sa amin, cheap? Small-time gangsters? *Abu Sayaff* kami!”

Napamulagat si Mel, at nagbalik na naman ang takot na naramdaman niya nang dumating sa

rancho noong isang araw. Kahit pa suspetsa niyang nagbibiro lang ang lalaki ay nakakagimbal pa rin iyon sa kanya. Tumigil siya sa pagkain.

Napansin kaagad iyon ni Dan. “Sorry kung naniwala ka sa biro ko. Actually, hindi kami masasama gaya ng iniisip mo. Bago kami aalis ay ipagtatapat ko sa ‘yo kung bakit kami nandito.”

Nainis siya. Pinaglalaruan siya ng lalaking ito! “Kailan?”

“Sa isang araw siguro... depende, hindi namin alam.”

Pagkatapos nilang kumain, kusang nagligpit si Melanie sa kusina habang ang mga lalaki ay nasa labas maliban kay Daniel na nasa sala para siguro bantayan siya. Nang matapos siya sa paghuhugas ng mga pinagkainan ay naisip niyang maligo. Pero paano kung iyon ang magiging dahilan para pag-isipan siya ng masama? Pero walang nangyari sa kanya habang natutulog siya nang nagdaang gabi at kusa siyang nagising kanina. Tumingin siya kay Dan na nakaupo sa sala. Paharap sa kanya ang puwesto nito habang nagbabasa ng tabloid.

Hindi naman siguro siya gagawa nang masama,

anang isip niya. Bitbit ang timba, lumabas siya para mag-igib. Poso lang kasi ang source ng tubig doon.

Sa likod-bahay ay naroon sina Raul at Jeff, naglalaro ng chess. Ibinaba ni Melanie ang timba sa tapat ng bunganga ng poso at yumuko siya upang tirisin ang kumagat na langgam sa kanyang paa. Nang biglang bumuhos ang tubig sa kanyang timba, tumingala siya upang makita kung sino ang nagbobomba.

“Ako na, Melanie,” nakangiting sabi ni Dan.

Nagkunot-noo siya. Hindi niya yata gusto ang biglang pagbilis ng kanyang puso nang makita ang guwapong mukha ng binata.

Nang mapuno ng tubig ang timba ay binitbit na nito iyon at ipinasok sa loob.

“Salamat,” masungit niyang sabi habang nakasunod. Pero sa loob niya ay natutuwa siya sa pagiging gentleman ng lalaki. Nasa loob na sila ng bahay nang marinig ng dalaga na may nagpapaandar sa kanyang motorsiklo. Tumakbo siya sa labas para lang makitang papaalis na iyon, sakay si Ben.

“Hoy! ‘Yang motor ko!” sigaw niya at tumakbo siya para habulin iyon though it seemed foolish of her dahil alam naman niyang hindi niya iyon

maaabutan. Nang mapagod sa pagtakbo ay huminto na siya. Humihingal niyang hinawakan ang kanyang mga tuhod.

“Halika na, pasok na tayo,” sabi ni Dan mula sa kanyang likuran.

Galit niyang hinarap ang lalaki, hindi siya nagsalita pero matalim ang mga matang tumitig siya rito. May namumuong mga luha sa gilid ng kanyang mga mata, huminga siya nang malalim at iwinasiwas ang mga kamay saka tumalikod na pabalik ng bahay.

“Babalik din siya, ibabalik din ang motor mo. Hiniram lang ni Ben, inutusan ko kasi siyang mamalengke sa bayan,” paliwanag nito habang nakasunod sa kanya.

Huminto siya sa paglakad at humarap dito. “Hiniram? At kailan niya ibabalik iyon? Ang alam ko basta na lang tinangay ang motor ko’t hindi ko alam kung saan dadalhin at kung ibabalik pa.”

3

Pagkatapos maligo ay umakyat na si Melanie sa kanyang kuwarto upang magbihis. She felt much better now. Parang tinangay ng agos ng tubig ang lahat ng tensyon na naranasan niya mula pa noong isang araw. Huminga siya nang malalim. *Ano naman kaya ang gagawin ko ngayon?*

Dati-rati kapag nagpupunta siya sa rancho ay napakasaya niya. Pakiramdam niya ay siya lamang ang nilalang sa mundo at napakalapit niya sa kalikasan. Maraming bungang-kahoy sa paligid. Mamimitas siya ng bunga at derecho nang kakainin. Malinis ang hangin doon, walang polusyon. Sinasamahan din niya ang tiyahin na magpakain ng isda sa fishpond na matatagpuan di-kalayuan sa bahay nito. Pero hindi niya alam ngayon kung tinamnan ba uli iyon ng tilapia. At ang mga kabayo nga pala! May dalawang kabayo ang kanyang Tiyo Ramon.

Sumilip siya sa bintana at natanaw ang kulungan ng kabayo. At naroroon nga ang mga ito. Biglang nagliwanag ang kanyang mukha. May nabuong plano sa kanyang isipan.

The Willing Captive - Helen Gregorio

Last summer ay tinuruan siya ni Edwin na mangabayo. Mas bata ito sa kanya ng tatlong taon kaya nasa kolehiyo pa ito, na dapat sana ay naroon ngayon kung hindi nag-enroll ng summer class. Hindi man masabing magaling na siyang mangabayo ay napapatakbo naman niya ang hayop. At ngayon niya susubukang patakbuhin ito nang matulin.

Kailangan niyang gumawa ng paraan upang makasakay sa kabayo... and to be free at last.

Nagbihis na siya, nagpantalon ng itim na maong at puting t-shirt saka tumingin sa salamin upang sinipatin ang sarili. Nainis tuloy siya; bakit bigla na lang gusto niyang maging maganda siya sa paningin ng isang lalaki? Kay Dan. Kinuha niya ang kanyang cap mula sa backpack at isinuot iyon. Nagsuot siya ng rubber shoes dahil wala siyang boots.

Nakayukong tinitingnan niya ang kanyang bihis habang bumababa siya ng hagdanan. Tomboy na tomboy na sana ang kanyang dating kung hindi dahil sa kanyang harapan. Kung nabigyan lang sana siya ng flat na dibdib....

Hindi niya namalayan, nakababa na pala siya at muntik na niyang mabunggo si Dan.

“Saan ka pupunta, Miss Beautiful?” anito na

tumuwid sa pagkakatayo habang hawak ang walis sa isang kamay.

Tumingin si Melanie sa hawak nito. “Nagwawalis ka?” aniya na parang hindi makapaniwala.

“Oo, bakit? Masama ba? Hindi ka naman kasi nagwalis kanina.”

There was something about this man, at ayaw pala nito ng maruming bahay. Lumunok siya. “Ah... eh... hindi. Sige, ituloy mo lang at titingnan ko ang mga kabayo.” Tumalikod na siya.

“Sandali lang,” pigil nito. “Hintayin mo ako, kung ayaw mong si Raul o si Jeff ang sasama sa ‘yo.’”

“Ikaw man o sila, parehas lang na hindi ko gusto,” walang lingon-likod na sabi niya.

Nasa labas pa rin sina Raul at Jeff nang siya ay lumabas. Sinulyapan lang siya ng mga ito at ipinagpatuloy uli ang kanilang paglalaro. Hindi na lumingon pa ang dalaga, pinakiramdaman niya kung may sumunod sa kanya at sa palagay niya ay wala.

Halos takbuhin na niya ang kinaroroonan ng mga kabayo nang mga ilang dipa na lang siya mula sa mga ito. Nang biglang may tumikhim sa kanyang

likuran. Natigilan siya at napakagat-labi.

“Masyado ka naman yatang nagmamadali,” boses iyon ni Dan.

May lahing pusa ba ang taong ito? tanong niya sa isip. Ni hindi niya naramdamang nakasunod pala ang lalaki sa kanya. Humarap siya rito.

“Mamaya na ‘yan, halika at may pupuntahan tayo.” At nagpatiuna na itong naglakad.

Nahulaan na ni Melanie kung saan sila pupunta—sa fishpond. Sumunod siya. Napansin niyang may dalang bag na gawa sa sako ang lalaki.

“Ano ‘yan?” tanong niya para siguruhin ang hinala.

“Feeds, pakakainin natin ang mga isda,” sagot nito habang naglalakad sila.

“Paano mo alam na may tilapia itong fishpond?” nagtatakang tanong niya.

“Well, sinabi sa amin ng tiya mo,” simpleng tugon nito.

“Kung gan’on, kilala ka ng tiya ko... pero bakit n’yo ito ginagawa sa akin?”

“Kakikilala ko lang ang tiya mo kahapon.”

Inumpisahan na nitong isaboy sa fishpond ang feeds.

Hindi siya tumigil sa kauusisa. “Bakit ninyo ginagawa ito? Hindi rin naman kayo puwedeng magtagal dito kasi bukas makalawa ay darating na sina Tiyo Ramon.”

Tumingin lang ito sa kanya at ngumiti. Obvious na ayaw magsalita.

Nang maisaboy na nito ang lahat ng feeds ay tumayo muna ito sa tabi ng fishpond at pinanood ang mga isdang kumakain. Lumapit din doon si Melanie at sinamahan ang lalaki sa panonood sa mga isdang nag-uunahan sa pagkain.

“Tayo na,” mayamaya ay sabi nito. Sumunod ulit siya. Pinuntahan na nila ang mga kabayo.

“Hello, Tiger!” aniya at hinaplos ang ulo ng isang kabayo.

Kunot-noong tumingin sa kanya si Dan. “Tiger?” anito.

“Oo, Tiger ang pangalan nito at itong isa naman ay Leon.” At inabot niya ang ulo ng isa pang kabayo at hinaplos din ito.

“Okay, ah. Baka naman matatapang ang mga kabayong ito,” nangingiting sabi nito.

“Hindi, mababait sila.” Binuksan niya ang pinto ng kulungan ni Leon at pinalabas ito.

Pagkatapos mailagay ang saddle ay sumampa na si Melanie sa likod ng kabayo. Kinuha ni Dan mula sa kanya ang tali niyon.

“Huwag mong sabihing aakayin mo lang ako dahil gusto kong magpatakbo,” aniya.

Ngumiti ito, napapailing.

“Kung iniisip mong tatakas ako, hindi ko gagawin. O... baka naman hindi ka lang marunong mangabayo.”

Hindi sumagot ang binata. At naisip niyang baka nga hindi, lalo na kung ito ay laki sa siyudad.

“Subukan mo. Sumakay ka at huwag mo lang kontrahin ang kanyang galaw,” pangungumbinsi pa ni Melanie.

“Siyanga ba? Baka mahulog lang ako ha?” Ibinalik nito sa kanya ang tali ni Leon at lumapit sa kulungan ni Tiger. Binuksan nito ang pinto niyon at pinalabas ang kabayo. Nang mailagay ang saddle ay sumampa na rin ito sa likod ng hayop.

Lihim na napangiti si Melanie sa nakita; kinagat ng lalaking ito ang kanyang pain! Hindi siya sigurado

kung totoo ngang hindi ito marunong mangabayo pero kailangan niyang sumugal.

Nauna na siya, sa una ay mabagal lang ang paglalakad ni Leon, pero nang lumignon siya at makitang medyo malayo na siya kay Daniel ay pinalo niya ang kabayo. Tumakbo ito nang matulin.

Nabuhayan siya ng loob, mayamaya lang at mararating na niya ang highway. At mula roon ay makakaalis na siya papunta sa police station. Oo nga't maganda angtrato sa kanya ng apat na lalaki, pero hindi naman siya malaya. Kailangan niyang gawin ito, at kailangan din niyang makita si Tiya Eloisa. Lumignon uli siya para lang magulat sa nakita, napakalapit na pala ni Daniel at napakatulin magpatakbo kay Tiger. At bago pa niya marating ang highway ay naiharang na nito ang sinasakyang kabayo sa kanyang daraanan.

“Sinasabi ko na't may pinaplano ka na namang iba!” sigaw nito.

Biglang huminto si Leon, tumayo ito sa dalawang paa at nagpaikut-ikot ang dalawang front hooves. “Whoa! Whoa!” natatarantang pigil ni Melanie. At bago pa siya tuluyang mahulog sa kabayo ay nakababa na si Daniel at maagap siyang sinalo.

“Salamat, salamat,” ang tila wala sa sariling nasabi niya. Nasa damuhan sila, nakaupo ang lalaki at kalong-kalong siya, pero hindi na niya pinansin iyon. Masakit ang kanyang ulo at medyo nahihilo siya, idagdag pang nanginginig siya sa takot. Muntik na siyang mahulog sa kabayo.

Ilang segundo pa’y naramdaman na lang ni Melanie na dumiin ang pagkakahawak ni Dan sa kanya at itinayo siya. Hawak ang dalawa niyang braso ay inilapit nito ang kanyang mukha sa mukha nito. Akala niya ay hahalikan siya nito, pero hindi pala dahil isang galit na mukha ang kanyang nakita.

“Sa katigasan ng ulo mo, muntik ka nang mapahamak!” anito pagkatapos ay bahagya siyang itinulak.

Hindi niya nagustuhan ang reaksiyon nito. Gusto sana niyang makita ang pag-aalala sa mukha nito. Hindi na siya nagsalita at inis na tumayo saka mabilis na sumakay kay Leon. Hindi niya pinatakbo ang kabayo pabalik sa stable, bagkus ay hinayaan lang niyang maglakad iyon nang mabagal hanggang doon. Nakita niyang nakasunod lang si Dan habang nakasakay kay Tiger.

Pagbalik niya sa bahay, nadatnan niyang naglalaro pa rin sina Raul at Jeff ng chess sa labas.

Si Dan ay iniwan niya sa kulungan ng mga kabayo.

“Ang bilis mo kanina, akala ko tatakas ka,” sabi ni Raul.

“Hindi ’yan patatakasin ni Dan,” kontra ni Jeff na napapangiti.

Nadagdagan ang inis ni Melanie dahil walang kaalam-alam ang dalawa sa nangyari. “Kasalanan ninyo ito!” pasigaw niyang sabi na ikinagulat ng mga ito. Animo batang nagdadabog na pumasok siya sa loob ng bahay.

Naghanap siya ng pocketbook sa maliit na bookshelf na nasa sala. Magbabasa na lamang siya sa kanyang kuwarto. Ngunit nang maumpisahan na niyang magbasa ay hindi naman siya makapag-concentrate dahil iniisip pa rin aniya ang pagtakas.

Mayamaya ay isang ideya ang sumindi sa kanyang utak. Tumayo siya at sumilip sa labas ng bintana. Natatanaw niya ang highway mula sa kanyang kinaroroonan. Mamayang gabi kapag tulog na ang mga lalaki ay susubukan niya muling tumakas. Bakit nga ba hindi niya naisip iyon nang nakaraang gabi?

Natural may matutulog sa sala para magbantay, pero kung magagawa niyang hindi makalikha

ng ingay ay makakalabas siya nang hindi nila mamamalayan. Kabisado niya ang buong bahay kahit pa patay ang ilaw. Nabuo na ang kanyang plano nang may kumatok sa pinto.

“Sino ’yan?” tanong niya.

“Si Dan ito,” anang tinig sa labas ng silid.

“Ano’ng kailangan mo?” Hindi siya tuminag upang pagbuksan ito.

“Wala, gusto ko lang malaman kung okay ka na.”

“Okay na ako kaya umalis ka na,” pagsusuplada ni Melanie pero deep inside ay natuwa siya sa concern nito. Narinig niya ang mga yabag nito habang pababa ng hagdanan. At mayamaya pa’y narinig niya ang ingay ng kanyang motorsiklo. Bumalik na si Ben galing sa palengke. Binalikan niya ang pagbabasa ng pocketbook.

“Melanie, kain na.” Boses iyon ni Dan mula sa saradong pinto ng kanyang silid.

“Kakain ako kung kelan ko gusto!” naiiritang sagot ng dalaga kahit pa kumakalam na ang kanyang sikmura. Tumingin siya sa kanyang wristwatch;

pasado alas doce na pala. Biglang nagbago ang kanyang isip. “Sige, susunod na.”

Pero tinantya pa rin niyang tapos nang kumain ang mga ito bago siya bababa. Napansin kasi niyang tinititigan siya ng mga lalaki lalo na si Ben. Natatakot siya rito. Naalala niya tuloy ang nangyari sa kanya mga ilang taon na ang nakakaraan.

Pauwi siya noon isang gabi galing sa bahay ng kanyang kaibigan. Mag-isa siyang naglalakad sa kalsada nang may biglang sumunggab sa kanya, tinakpan ang kanyang bibig saka siya hinila papunta sa damuhan. Halos hindi siya makahinga noon sa higpit ng pagkakahawak ng taong iyon sa kanya.

Sa kanyang pagsisikap, bahagyang natanggal ang kamay na nakatakip sa bibig niya. Sumigaw siya, mabuti na lang, may taong dumaan doon at narinig siya. Nasaklolohan siya nito bago pa magtagumpay sa kahayukan ang lalaking sumunggab sa kanya. Pero nakatakbo ito at hindi na nakilala.

Ngunit ang epekto ng pangyayaring iyon ay dala-dala pa rin ni Melanie hanggang ngayon. Na-trauma siya kaya pinili niyang mag-astang tomboy, laging maigsi ang buhok at damit-lalaki ang kanyang isinusuot. Pero dahil nagtatrabaho na siya ay kinailangan niyang magsuot ng skirt dahil iyon

ang uniform nila.

Bago ang insidente nang gabing iyon, naging *Miss Intrams* pa siya sa sportfest sa kanilang paaralan noong high school. Isinali rin siya ng kanilang barangay sa beauty contest sa kanilang bayan. Siya ang pinakabata noon sa mga contestants pero nakuha pa rin niya ang karangalan bilang first runner-up.

Pusong lalaki nga ba siya? Iyon ang ilang ulit din niyang itinatanong sa sarili.

Noong magkolehiyo na siya ay sa Maynila na siya nag-aral. At doon ay nakipagkaibigan siya sa mga tomboy sa campus. Pero kung iginigiit niyang isa siyang tibo, bakit hindi niya maatim gawin ang mga ginagawa ng mga itong makipagrelasyon sa kapwa nila babae? Minsang sumama siyang mag-gimmick sa barkada sa beerhouse ay binigyan siya ng babae. Nang halikan siya ng babaeng iyon ay nandiri siya at bigla itong itinulak. Mula noon ay hindi na siya sumama sa mga kabarkadang tomboy.

Bata pa sila ng kapatid na si Julius nang maulila sa ina. Hindi na nag-asawa pang muli ang kanyang ama. Ibinuhos na lamang nito ang panahon sa pagyaman sa kanilang malawak na lupain, tinamnan ito ng maraming puno ng mangga.

4

“Naghain na ako,” bungad ni Dan nang makababa ang dalaga. Ang binata na lang ang nasa komedor habang ang mga kasamahan ay nasa sala.

Kumunot ang kanyang noo. “Ano? Akala ko ba tapos na kayong kumain?” aniya saka tumingin sa mesa, dadalawa lang ang nakahandang plato roon.

“Tapos na silang kumain, pero ako hindi pa; hinintay kasi kita,” masigla nitong sabi saka hinila ang upuan sa harapan ni Melanie. “Please sit down,” anito saka umupo sa silyang katabi ng kanyang upuan.

Nainis ang dalaga. Sinapo niya ang kanyang noo. “Bakit kailangan mo pa akong hintayin? Ano’ng gusto mong palabasin? Para sabihin ko sa ‘yo, hindi ako interesadong sumabay sa ‘yo.”

Pailalim siyang tiningnan ni Dan. “Alam mo lalo kang gumaganda kapag galit. At puwede ba, huwag kang mang-away. Sayang naman ang effort ko, ipinagluto kita ‘tapos ipinaghain pa,” anito na parang nangongonsyensya. Nilagyan na nito ng kanin ang kanyang plato.

Sa narinig ay umupo na si Melanie. Hindi niya maintindihan ang lalaking ito; kanina lang ay galit, ngayon naman ay nag-aastang romantic hero. Habang kumakain sila, dumaiti ang mabalahibong braso ni Dan sa kanyang braso. Napasinghap siya sa kakaibang reaksyon ng kanyang katawan sa napakasimpleng pagkakadikit na iyon. Saglit siyang napapikit at mayamaya ay tumayo siya saka hinila ang kanyang upuan palayo sa lalaki. Sinulyapan siya nito.

“O, bakit? Mabaho ba ako?” tanong nito sa gitna ng pagsubo.

“H-hindi.”

Nang hapong iyon, hindi na nagkulong pa si Melanie sa kuwarto. Namasyal siya sa paligid ng rancho kasama si Dan. Nakasakay sila sa tig-isang kabayo.

“Gusto kong libutin ang rancho,” pagbibigay-alam niya sa binata kanina. “Samahan mo ako, mangabayo uli tayo,” nag-uutos niyang sabi. Inunahan na niya ito bago pa ito mismo ang magsabing samahan siya. Nasa likod-bahay sila noon, nakatayo sa tabi ng poso habang nagbobomba

ito.

“Wala ka talagang kadala-dala. Muntik ka na ngang mahulog sa kabayo kanina, sige ka pa rin.” Hinawakan nito ang baba saka saglit na itinirik ang mga mata sa isang direksiyon. “Teka nga, bakit ako?” kunwari ay nagtataakang tanong nito.

Nainis siya. “Sa ikaw ang gusto kong kasama, eh,” nakasimangot na tugon niya.

“Uh... may gusto ka sa akin? Naroon naman si Raul at si Jeff...” Tumingin ito sa loob ang bahay. “At si Ben na walang ginagawa, bakit hindi ka sa kanya magpasama?” pang-aasar nito.

Naasar si Melanie. “Ang kapal ng mukha mong sabihing may gusto ako sa ‘yo! Puwes, kung ayaw mo’y huwag mo!” Iniwan na niya ang buwisit na binata at tinungo ang kulungan ng mga kabayo. Pero sumunod din ito.

Naglibut-libot sila sa humigit-kumulang na isandaan na ektaryang lupain. Mga kalahating oras na silang nakasakay sa kabayo nang matagpuan nila ang batis doon. Bumaba sila mula sa mga hayop at pinagmasdan ang napakaganda at nakakapigil-hiningang tanawing iyon.

Tumayo sila sa pampang na malapit sa malalim

na bahagi ng batis. Sa paligid niyon ay may bakod na pahalang na mga bilugang kawayan upang hindi makapasok sa parteng iyon ang mga baka. Sa kabilang bahagi ay mababaw ang tubig; doon umiinom ang mga hayop.

Malinis at napakalinaw ng tubig sa batis. Kitang-kita ang mga bato sa ilalim. Napapaligiran ang batis ng mga punong-kahoy at ang iba ay may mga baging pa.

“Wow, this is paradise!” hindi niya napigilang sabihin. Nakangiting tumingin siya kay Dan.

“Yes, it is. Ngayon ka lamang ba nakapunta dito?” tanong nito na sa batis pa rin nakatingin.

“Oo, pero alam ko na may batis dito, hindi ko pa nga lang nakikita.”

Umakyat sila sa mga bilog na kawayan at umupo sa itaas ng mga iyon. Pinanood nila ang tubig na tila nag-aanyaya sa kanilang maligo roon. Kapagkuwan ay bumaba si Dan at tinanggal ang kamiseta at rubber shoes nito. Isusunod na sana nitong tanggalin ang shorts, pero nang tumingin ito sa kanya ay natigilan ito at hindi na itinuloy pang hubarin iyon.

Oh, my! Palihim na sinulyapan ni Melanie ang lalaki, at hindi niya mapigil ang sarili na humanga

sa magandang katawan nito.

“Halika, mag-*Tarzan* tayo,” yaya nito.

Natawa siya. “Ikaw na lang.”

Hinila ni Dan ang mga baging at sa malakas na pagsipa nito sa lupa ay lumipad na ito sa ere habang nakalambitin. Tumawa ang dalaga sa hitsura ng binata lalo na nang gayahin pa nito ang sigaw ni *Tarzan*. Mayamaya pa’y nagpatihulog na ito sa tubig. Natamaan ang kanyang mukha ng kaunting tumalsik na tubig. Napapikit siya sa malamig na patak na dumapo sa kanyang pisngi. Tumawa siya sa sayang dulot niyon. Tumawa rin ang lalaki.

“Halika ka na kasi, balik muna tayo sa pagkabata. Maglaro tayo, kunwari ako si *Tarzan* at ikaw si *Jane*.” Itinuro siya nito saka binayo ng dalawa nitong kamay ang malapad na dibdib.

Tumawa siya nang malakas. “Ayoko nga, alam ko na ang dulo niyang laro mo,” aniya pero gustung-gusto na rin niyang lumusong sa tubig. Pero alangan namang nakapantalon siyang maligo at lalong hindi siya maghuhubad. Nagkasya na lamang siya sa panonood kay Dan. Nakakatuwa ito, tila musmos na naglaro sa tubig at parang wala itong dalang panganib. Masaya siya habang pinapanood ito, hindi

na siya takot dito. At sa mga sandaling iyon, nawala sa isip niya ang pagtakas.

“Talaga bang hindi ka maliligo? Aalis na tayo,” sabi ni Dan nang umahon ito sa tubig.

“Hindi na,” nanghihinayang niyang sagot. Pero nangako siyang babalik siya roon balang araw.

Naglibut-libot pa sila. Pulos baka ang laman ng rancho. Maliban sa mahigit tatlong ektaryang lupang sinasaka sa pinakamababang bahagi niyon at sa fishpond malapit sa bahay ay wala nang iba pang produkto roon.

Sa kanilang paglilibot ay nakarating sila sa kubo ng dalawang lalaking tauhan ng mga Remigio. Kinakabahang bumaba siya mula sa kabayo at may nabuong hinala sa kanyang isipan. Kumatok muna siya bago niya itinulak ang yerong pinto ng kubo, nabuksan iyon. Pumasok siya sa loob, sumunod si Dan. Maayos naman sa loob ng bahay. May maliit na kusina at dalawang maliliit ding kuwarto. Nagmamadali niyang pinuntahan ang mga iyon at sumilip doon. Nakahinga siya nang maluwag nang makitang walang tao alinman sa dalawang silid... at wala ang kanyang Tiya Eloisa. Naisip niya kasi na baka roon ikinulong ang tiyahin.

Hinaplos ni Dan ang mukha nito. “Bakit? Iniisip mo bang baka nandito ang tiyahin mo?” tila tinatamad na tanong nito.

Hindi siya umimik.

“Hanggang ngayon ba’y iniisip mong gan’on kami kabrutal?” mahinahon nitong tanong.

Tumingin siya sa mukha ng lalaki, malapit na malapit na pala sa kanyang mukha. “Ang galing mong manghula,” mataray niyang sabi. Bumilis na naman kasi ang tahip ng kanyang dibdib, at nakakatulong sa kanya ang pagtataray.

Ngumiti ito nang nakakaloko. “Melanie... uh... hindi mo ba alam na nag-iimbita ka lang ng...” Ibinitin nito ang sasabihin saka tumingin sa paligid ng kubo.

Pinamulahan siya ng mukha nang mahulaan ang ibig sabihin nito. At sa bigla niyang pagtalikod upang lumabas ng kubo ay humarang si Dan sa kanyang daraan at bumangga ang kanyang mukha sa dibdib nito. Napakislot siya, nag-iba kaagad ang reaksiyon ng kanyang katawan sa pagkadikit lang sa katawan nito. At bago pa siya makagalaw ay masuyong hinawakan siya ng lalaki sa mukha at akmang hahalikan.

Sa sandaling iyon, nagdadalawang-isip siya kung hahayaan na lamang niya ito sa gagawin o hindi. Pero dahil malakas ang kontrol sa sarili, pabigla niyang itinulak ang binata at tumakbo palabas ng kubo. She felt so stupid for acting like this; bakit kailangang mahati pa ang kanyang isipan sa paghalik sa kanya ni Dan? Dapat sana ay magalit kaagad siya.

Tahimik siyang sumakay kay Leon at nang makitang lumabas na sa kubo si Dan ay inismiran lang niya ito. “Alis na tayo,” nag-uutos niyang sabi. Nilisan na niya ang lugar.

Napangiti ang binata bago sumakay sa kabayo at sumunod sa kanya.

Pabalik na sila sa bahay nang makarating si Melanie sa bakod at sa kabilang bahagi niyon ay ang highway na. Hindi namalayan ni Dan na naroon na siya dahil pinakain nito si Tiger sa nadaanan nilang malalagong damo.

Bigla ang kanyang naging desisyon, hindi niya iyon pinlano pero natukso siya sa pagkakataon. Hihingi siya ng tulong sa unang taong dadaan doon dahil tiyak niyang hindi siya makakalusot sa bakod. Hanggang baywang niya ang nasementong bakod at sa itaas na niyon ay dikit-dikit na barbed wire.

Nang makababa na si Melanie mula sa kabayo ay lumingon siya sa kinaroroonan ni Dan. Paparating na ito pero hindi nito pinatakbo ang kabayo. At parang nagkataong may dumaan na tricycle, nagsisisigaw siya pero hindi siya pinansin. Hindi yata narinig ng driver ang kanyang sigaw dahil maugong ang sasakyan. Gusto niyang manlupaypay, pero may kasunod pa iyon, at nagtatatalon siya sa tuwa nang mapagtantong police car ito. Naisip niyang masuwerte pa rin siya, bihira na ang ganitong pagkakataon. Ikinaway niya ang kanyang mga kamay, at nang makitang nagmenor ang sasakyan ng mga pulis ay nilingon niya si Dan. Nakatingin lang ito sa kanya at nakasakay pa rin sa kabayong huminto na sa paglalakad.

“Miss, may problema ba?”

Nagulat si Melanie, nakahimpil na pala ang sasakyan sa kanyang harapan at tanging ang bakod na lang ang pagitan niya sa mga alagad ng batas. Nakalabas na mula sa mobile car ang isang may katabaang pulis, nakasukbit sa tagiliran nito ang isang caliber .45 pistol. Inilipat niya ang kanyang tingin sa dalawang kasama nito sa loob ng sasakyan, may hawak na armalite guns ang mga iyon.

Nalito tuloy siya; ang tagal niyang hinintay ang

pagkakataong ito, heto't isang salita lang niya at mahuhuli na ang mga estrangherong pumasok sa rancho ng tiyahin. Ngunit paano kung magkabarilan at may mapatay? At si Daniel iyon? Sa maraming pagkakataon, napatunayan niyang hindi talaga masasama ang mga taong nakasama niya nsng halos dalawang araw. Hindi yata kayang dalhin ng kanyang konsyensya kapag may namatay dahil sa kagagawan niya.

“W-wala ho. Akala ko kasi kayo ‘yong hinihintay naming bisita, pero hindi naman pala. Pasensya na ho sa abala.” Basta na lang iyon lumabas sa kanyang bibig. Lumingon uli siya sa kinaroroonan ni Dan. Bumaba ito mula kay Tiger at nakatalikod ito habang hinihimas-himas ang kabayo.

“Hmm... bisita ninyo? Ang akala ko, mag-isa lang si Edwin na anak ng mag-asawa,” sabi ng pulis at tinapunan ng tingin si Dan.

Biglang natigilan ang dalaga. Muntik na niyang makalimutan na sa lugar na iyon ay magkakakilala ang mga tao. Nagpakawala siya ng isang matamis na ngiti. “Ah, oho, pamangkin kami ni Tiya Eloisa at may darating pa kaming mga kasama.” Pinilit niyang maging kaswal sa pagkakasabi niyon.

“Gan'on ba? Sige, ingat na lang kayo, at kung

kailangan ninyo ng tutulong para magkatay... tawagin n'yo lang kami," pagpapasaring nito para siguro maimbitahan kapag may handaan.

"Asahan n'yo, Sir," nakangiting sagot niya.

Nang makaalis na ang mga pulis ay parang gustong magsisi ni Melanie. Galit siya sa kanyang sarili dahil pakiramdam niya ay hindi siya naging isang mabuting mamamayan... at pamangkin. Paano ang kanyang tiya? Panghahawakan na lamang ba niya ang sinabi ni Dan na ligtas ito? In a way, naniniwala naman talaga siya sa binata.

"Halika na, balik na tayo," tila galit na sabi ni Dan na pumukaw sa kanyang pagmumuni-muni. Nilingon niya ito at madilim ang mukha nitong nakatitig sa kanya.

Nagpuyos ang kanyang damdamin. "Aba't antipatiko! Ikaw na nga itong iniligtas, ikaw pa itong galit."

"At may utang-na-loob pa ako sa 'yo ngayon, gan'on ba?"

"Oo... oo, dahil isang salita ko lang kanina, nasa kulungan ka na ngayon."

Tumawa ito nang mapakla. "At paano naman

ang iyong tiya?” nanghahamon nitong tanong.

Natigilan siya.

“Sumunod ka sa mga sinasabi ko at ligtas siya.”

Naningkit ang kanyang mga mata. “Huwag na huwag n’yo siyang galawin.”

“At kung hindi?” sarkastiko nitong tanong.

“Papatayin kita,” mahina ngunit madiin niyang sagot.

Napangiti si Dan. “Ang tapang mo.”

Pagkatapos ng tagpong iyon sa mga pulis ay hindi na lumabas pa ng kuwarto si Melanie. Naisip din niyang huwag nang ituloy ang balak niyang pagtakas ngayong gabi. Nagkaroon na nga siya ng chance kanina pero hindi niya ginawa. Nagbasa-basa na lamang siya ng magazine sa loob ng kanyang kuwarto. Pero napilitan din siyang lumabas doon nang hindi na niya kayang tiisin pa ang gutom. Nakadalawang balik kanina si Dan para tawagin siyang kumain pero hindi siya bumaba.

Pagdating niya sa komedor ay tapos nang kumain ang apat na lalaki. Nasa labas ng bahay ang

mga ito at tila nagpapahangin lang.

Pagkatapos niyang kumain ay napagpasyahan niyang maligo muna bago matulog. Nabilad din siya sa araw kanina sa kanilang pangangabayo. Umakyat muna siya sa kanyang kuwarto para kunin ang tuwalya at sa pagbaba niya ay nasa loob na ng bahay ang mga lalaki. Nakatayo ang mga ito sa tabi ng bintana sa sala at nagpupulong. Parang may seryosong pinag-uusapan ang mga ito liban lang kay Ben dahil nasa kusina ito at nagpapainit ng tubig.

Ano kaya ang pinag-uusapan ng tatlo? Tungkol kaya ito sa pinuntahan nina Raul at Jeff kanina? Bago magdilim ay nakita niya mula sa bintana ng kanyang kuwarto na umalis ang dalawa gamit ang kanyang motorsiklo. Hindi na siya umimik o nagtanong tungkol doon.

Nang mapatapat na si Melanie sa grupo ay biglang tumahimik ang mga ito. Sigurado ang dalaga na masama ang pinag-uusapan ng mga ito dahil ayaw iparinig sa kanya.

Nang makapaligo ay umakyat na siya sa kanyang kuwarto. Wala na ang mga lalaki sa sala. Binuksan niya ang ilaw sa kanyang silid at kaagad na pinunasan ng tuwalya ang basang buhok. Akmang tatanggalin na sana niya ang kanyang roba nang

The Willing Captive - Helen Gregorio

mapasigaw siya sa gulat.